MALACAÑAN PALACE
MANILA

MENSAHE

Nakikiisa ako sa sambayanang Filipino sa paggunita sa **Ika-121 Anibersaryo ng Kamatayan ni Dr. Jose P. Rizal**.

Mahigit isang siglo ang nakalipas, pinukaw ni Rizal ang isang pagkilos na nagbigay daan sa pag-usbong ng isang bansang may sariling pagkakakilanlan. Sa madilim na yugtong ito ng ating kasaysayan, ang kanyang mga akda ang nagsilbing liwanag na gumabay sa atin upang ipaglaban ang tunay na pagkakapantay-pantay at kalayaan.

Bilang isang manunulat at iskolar, kanyang tinuligsa ang katiwalian, kasakiman at iba pang suliranin na hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na naglulugmok sa ating lipunan. Kahit sa kamatayan, inihabilin niya sa atin ang kanyang pangarap—isang bayan na malaya sa kawalan ng katarungan, paniniil at paghihirap.

Nawa'y magsilbing pagkakataon ang okasyong ito upang ating kilalanin ang pag-aalay ni Dr. Rizal ng kanyang buhay para sa ating bansa. Pagnilayan natin ang kanyang pagmamahal sa bayan habang ating pinagsisikapang tuparin ang kanyang hangarin para sa isang nagkakaisa, mapayapa at maunlad na Filipinas.

Hangad ko ang isang makabuluhang pagdiriwang para sa lahat.

RODRIGO ROA DUTERTE

M A Y N I L A
30 Disyembre 2017

THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES